

**Tarlac State University
Extension Services Office
Community Development (ComDev) Program**

GABAY SA PAGPAPADALUY NG FOCUS GROUP DISCUSSION (FGD)

Iminumungkahing mga Kalahok sa FGD

- Punong Guro ng Elementary School
- Punong Guro ng High School (kung may High School sa Barangay)
- Miyembro ng Konseho ng Barangay (Barangay Council)
- Kinatawan ng mga Magsasaka (kung naaangkop)
- Kinatawan ng mga Kababaihan
- Kinatawan ng mga Kabataan (Youth)
- Kinatawan ng mga Mangangalakal (Business Sector/Business Owners)
- Kinatawan ng Elementary School PTA
- Kinatawan ng High School PTA (kung may High School sa Barangay)
- Kinatawan ng Senior Citizens
- Kinatawan ng Tricycle Operators and Drivers Association (TODA)

Iminumungkahing Gabay sa Palatanungan

1. Pananaw ng bawat sektor sa kaunlaran o progreso

- Ano para iyo ang kaunlaran o progreso?
- Sa iyong sarili, makakamtan mo ba ang pag-unlad na iyong nabanggit?
 - Kung oo, anu anong mga paraan upang makamit mo ang pag-unlad o progreso?
 - Kung hindi, ano ang mga kadahilanan?
- Nais mo bang ibahagi sa iba ang iyong pananaw sa pag-unlad?
 - Kung oo, paano mo ito maibabahagi sa iba?
 - Kung hindi, sa anong mga kadahilanan?

2. Pagtukoy sa mga kalakasan at kahinaan

- Ano ang meron sa komunidad na ito na mapapakinabangan ng mas nakararami?
 - Sa papaanong paraan ito nagagamit at nakakatulong?
 - Anong benepisyong nakukuha sa mga ito?
- Ano ang kakulangan sa komunidad na kailangang pagtuunan ng pansin?
 - Tao
 - Pondo
 - Opportunidad/Pagkakakitaan
 - Suporta ng gobyerno
 - Aksesibilidad
 - Komunikasyon

*Anu-ano ang mga suliranin sa aspetong ito?

3. Pagtukoy sa pangunahing suliranin at mga kadahilanan

- Anu-ano ang mga suliranin sa komunidad?
- Anu-ano ang mga kadalasang pinagmumulan ng suliranin sa komunidad batay sa iyong nabanggit?
 - Ito ba ay nasusulusyunan?
 - Kung oo, ano ang karaniwang paraan ng paglutas? Naisasagawa ba ang mga ito?
 - Kung hindi, ano ang mga dahilan na humahadlang sa pagsasakatuparan ng mga ito?

4. Mga plano o ideya sa pagtugon sa suliranin

- Sa anong paraan mo mabibigyan ng kalutasan ang mga suliraning nabanggit?